Advisory No. 207 , s. 2018
Oktubre 19, 2018
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO: PAGSULAT NG PANANALIKSIK, MODYUL, AT ANG PUBLIKASYON NITO NG TARLAC STATE UNIVERSITY

Ang Tarlac State University(TSU)-Tanggapan ng Pamantasang Sentro ng Wikang Filipino ay magsasagawa ng Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino na may paksang–Pagsulat ng Pananaliksik, Modyul, at ang Publikasyon Nito–mula ika-19 hanggang ika-21 ng Oktubre 2018 sa TSU Hostel, Lucinda Campus, Lungsod ng Tarlac.

Ang layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

1. linangin ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagsulat ng mga makabuluhang pananaliksik na tutugon sa pangangailangan ng *Outcomes Basic Education* at Kurikulum ng K-12,
2. magamit ang mga natutunang kasanayan sa pagbuo at pagsulat ng mga pananaliksik at modyul batay sa mga layunin at nilalaman ng mga kursong itinakda ng CHED at DepEd,
3. hikayatin ang mga guro na maging aktibo at dalubhasa sa pananaliksik at gamitin ang wikang Filipino sa pagsulat, at
4. mailahad ang mga pamamaraan sa paglalathala ng mga natapos na pananaliksik at modyul ayon sa itinadhana ng batas.

Ang maaaring lumahok ay mga guro ng Filipino at mag-aaral sa Paaralang Gradwado mula sa pambuliko at pampribadong paaralan sa lahat ng antas.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa mga impormasyon, makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Dr. Daisy T. Inalvez
  Tagapangulo
  Tarlac State University-Tanggapan ng Pamantasang
  Sentro ng Wikang Filipino
  Tarlac State University, Romulo Boulevard
  San Vicente, Tarlac City
  Telepono: (045) 982-5574
  Telefax: (045) 982-0110
  Mobile: 0908-892-9201
  Email: pres_office@tsu.edu.ph
  Website: http://www.tsu.edu.ph

- Bb. Cathy M. Dela Cruz
  Mobile: 0915-695-4722
  Email: cathydelacruz052794@yahoo.com